INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

# BUHAY NG KINABUKASAN

**ni: ELLARD SAIASI L. ALMUETE**

Nagmula sa ating lahi, diwa ng pangakong lupa
Salamin ng ating pagkatao, tayo'y nagging malaya
Simbolo ng mayabong at mayamang kasaysayan,
Nagbigay sa bawat Pilipino ng tunay na pagkakakilanlan

Sa kasaysayan at kuwento ng Inang Wika
Nagmumula mga pangiatain, aral at karunungan,
Mga salitang may lalim, halaga at panghalina
Nag-uugnay sa ating mga pangitain at pangarap sa bayan.

Sa mga tula at awit, damdamin ay nahuhugot,
Kawanigs ng pag-ibig, pag-asa, sa liriko'y umiikot,
Wika'y sining, sa isip ng kabataang Pilipino'y naglalaro,
Sa bawat taludtod, kultura'y sumasayaw, nagiging totoo.

Kaming kabataang pag-asa'y nagbabanyuhay
Sa bawat hakbang ng pag-unlad, ikaw pa rin ang gabay
O Wikang Filipino, anumang lahing Pilipino'y pinag-uugnay
Sa ating nakaraan at hinaharap, nagsisilbing tulay.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VI, Issue I**
**August 2024**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

Kabataang matatag, ipagmalaki ating wika't lahi

Ito'y pamana at simulain ng karunungan - ating binhi

Sa bawat henerasyon, mayamang kultura'y patuloy na ibandila

Pagka't ito ang buhay ng kinabukasan at yamang Maharlika.

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza